**MGA SUSING PANGUNGUSAP PARA SA 2022 THANKSGIVING CONFERENCE**

**Sa buong sansinukob ang namumukod-tangi at walang hanggang pagpapala ay ang Tres-unong Diyos na ipinamamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad tungo sa atin sa pamamagitan ng ating pagtatamasa sa nananahanan at awtomatikong kautusan ng Espiritu ng buhay para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo na may gol na gawin tayong Diyos sa buhay, kalikasan, at kahayagan subalit hindi sa pagka-Diyos upang isakatuparan ang gol ng Kanyang walang hanggang ekonomiya—ang Bagong Herusalem.**

**Maaari nating lahat na maranasan ang dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng paghinga sa Espiritu, ang banal na hininga, ng pag-inom ng parehong espiritwal na inumin, si Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay, at pagkain kay Kristo bilang tinapay ng Diyos— ang totoong tinapay, ang makalangit na tinapay, ang tinapay ng buhay, at ang buháy na tinapay— at maging nabuoan Niya nang sa gayon ay maihayag natin Siya at maikatawan Siya.**

**Bilang mga mananampalataya kay Kristo, kailangan lamang nating ibigin ang Panginoon at panatilihin ang ating sarili na bukás sa Kanya, binibigyan Siya ng bawat pagkakataon na gawin ang lahat ng bagay ninanais Niyang gawin, at kailangan nating masiyahan sa buhay ng mga ordinaryong araw sa mga regular at normal ng karanasan sa dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad ayon sa mahimalang normalidad ng dibinong ekonmiya.**

**Ayon sa buong pahayag ng animnapu’t anim na aklat ng Biblia, ang Dibinong Trinidad—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu— ay para sa pamamahagi ng Diyos, yaon ay, para sa pamimigay ng Diyos tungo sa Kanyang piniling bayan; ang Diyos ay tres-uno nang sa gayon ay maipamahagi Niya ang Kanyang sarili tungo sa atin, maisagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin, upang tayo ay magtamasa nang sa gayon ay maitayo tayo upang maging Katawan ni Kristo at maihanda upang maging kasintahang babae ni Kristo para sa Kanyang ikalawang pagdating kapag ang kaharian ng sanlibutan ay naging ang kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo upang Siya ay maghari magpakailanpaman.**

*© 2022 Living Stream Ministry*

**Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa Thanksgiving Conference**
**Nobyembre 24-27, 2022**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ANG DIBINONG PAMAMAHAGI NG DIBINONG TRINIDAD**
**PARA SA DIBINONG EKONOMIYA**

Mensahe Isa

## Ang Walang Hanggang Pagpapala ng Tres-unong Diyos sa pamamagitan ng Dibinong Pamamahagi ng Dibinong Trinidad tungo sa Atin pra sa Pagsasakatuparan ng Kanyang Dibinong Ekonomiya

Babasahin sa Kasulatan: Bil. 6:22-27; 2 Cor. 13:14; Apoc. 22:1-2

**I. Sa buong sansinukob ang namumukod-tanging pagpapala ay ang Tres-unong Diyos, at ang pagpapalang ito ay dumarating sa atin sa pamamagitan na dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad tungo sa atin para sa ating katamasahan upang isakatuparan ang Kanyang dibinong ekonomiya:**

A. Ang walang hanggang ekonomiya ay ang Kanyang sambahayang pangangasiwa upang ipamahagi ang Kanyang sarili kay Kristo tungo sa Kanyang piniling bayan upang Siya ay magkaroon ng bahay upang ihayag ang Kanyang sarili, na ang bahay na ito ay ang ekklesia, ang Katawan ni Kristo; ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay ang Kanyang walang hanggang plano, at ang Kanyang dibinong pamamahagi ang kaparaanan na sa pamamagitan nito ay isinasakatuparan Niya ang Kanyang plano—1 Tim. 1:3-4; 3:15; Roma 12:5; Efe. 1:10; 3:8-9; 2:10.

B. Pinapaging-diyos ng dibinong pamamahagi ng Diyos ang mga mananampalataya, ginagawa silang Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos, para sa pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo at para sa paghahanda ng kasintahang babae ni Kristo upang ipasok ang kaharian ni Kristo; para sa layuning ito ang Diyos ay naging tao upang “gawing tao” ang Kanyang sarili; pagkatapos ay ipinamamamahagi Niya ang Kanyang sarili tungo sa atin upang tayo ay “gawing Diyos.”

C. Ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang ipamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu—tungo sa Kanyang piniling bayan; ang tanging gol ng Diyos sa loob ng panahon ay ang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin araw kada araw.

**II. Sa Mga Bilang 6:22-27, makikita natin ang tularan ng pagpapala ng mga saserdote; ang pagpapalang ito ay hindi isang Lumang Tipang pagpapala ni isang Bagong Tipang pagpapala; sa halip, ito ay ang walang hanggang pagpapala ng Tres-unong Diyos, na siyang ang Tres-unong na ipinamamamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad tungo sa atin para sa ating katamasahan:**

A. Ang “Pagpalain ka nawa [ni Jehovah] at ingatan ka” ay maipatutungkol sa Ama—b. 24:

1. Pinagpapala tayo ng Ama sa bawat paraan at sa bawat aspekto sa Kanyang pag-ibig (cf. Efe. 1:3), at iniingatan Niya tayo sa bawat paraan at sa bawat aspekto sa Kanyang kapangyarihan (cf. Juan 17:11, 15).
2. Nanalangin ang Panginoon na ingatan tayo ng Ama sa Kanyang pangalan (b. 11); ito ay ang ingatan tayo sa loob ng pamamahagi ng Tres-unong Diyos; nagpatuloy na manalangin ang Panginoong Hesus upang ingatan tayo ng Ama mula sa masamang isa (b. 15).

3. Dapat tayong manalangin para sa pagpapala ng pagiging lubusang naiingatan sa loob ng pamamahagi ng Tres-unong Diyos at lubusang nasa labas ng masamang isa; anong pagpapala ito!

B. Ang "Paliwanagin nawa [ni Jehovah] ang Kanyang mukha sa iyo, at [maging mapagbiyaya] sa iyo" ay maipatutungkol sa Anak—Bil. 6:25:

1. Sa Lucas 1:78, nang isisilang na ang Panginoong Jesus, nagpropesiya si Zacarias, "Ang sumisikat na araw buhat sa kaitaasan ay dadalaw sa atin"; ang sumisikat na araw ay ang Anak sa Dibinong Trinidad; ipinahihiwatig nito ang pagkakatawang-tao ng Diyos upang ipakita ang Kanyang sarili sa atin sa isang nagliliwanag na paraan—Mat. 4:16; Juan 8:12.
2. Ang salitang *mukha* sa Mga Bilang 6:25 ay sumasagisag sa presensiya; bilang Isa na ang mukha ay nagliliwanag sa atin, si Kristo na Anak ay ang nakikitang presensiya ng di-nakikitang Diyos—2 Ped. 1:16-18; Mat. 17:1-2.
3. Binabanggit sa Mga Bilang 6:25 hindi lamang ang pagliliwanag ni Jehovah ng Kanyang mukha sa atin bagkus gayundin ang pagiging mapagbiyaya ni Jehovah sa atin; ang dalawang puntong ito na pinagsama ay katumbas ng Juan 1:14, 16-17.
4. Ang pagkakatawang-tao ng Diyos ay ang pagliliwanag ng Kanyang presensiya, at kaalinsabay nitong pagliliwanag, mayroong biyaya; ang biyayang ito ay ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo, na sa katunayan ay si Kristo Mismo—2 Cor. 13:14.

C. "Ilingap nawa [ni Jehovah] ang Kanyang [pagmumukha] sa iyo at bigyan ka ng kapayapaan" ay maipatutungkol sa Espiritu—Bil. 6:26:

1. Ang mukha ay tumutukoy sa presensiya ng isang tao, at ang pagmumukha ay tumutukoy sa kahayagan ng isang tao; ang ilingap ang pagmumukha ng isang tao sa isang tao ay nangangahulugang kumpirmahin, tiyakin, ipangako, at ibigay ang lahat sa taong iyon.
2. Si Hesus ay dumating bilang mukha ng Diyos, at ang Espiritu Santo ay dumarating bilang pagmumukha ng Diyos; kung pipighatiin natin Siya, malulugmok ang Kanyang pagmumukha (Efe. 4:30), subalit kung susundin natin Siya, magiging masaya Siya sa atin, at ililingap Niya ang Kanyang pagmumukha upang kumpirmahin sa atin, tiyakin sa atin, igarantiya sa atin, ipangako sa atin, at ibigay sa atin ang lahat.

**III. Ang pagpapala sa 2 Corinto 13:14 ay pareho ng yaong nasa Mga Bilang 6:22-27; ito ang walang hanggang pagpapala ng Tres-unong Diyos, na siyang ang Tres-unong Diyos na ipinamamamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad tungo sa atin para sa ating katamasahan—"ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo at ang pag-ibig ng Diyos at ang [salamuha] ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat":**

A. Ang "Pagpalain ka nawa [ni Jehovah] at ingatan ka" ay ang pag-ibig ng Diyos Ama bilang bukal ng buhay at liwanag—b. 24; Awit 36:8-9.

B. Ang "Paliwanagin nawa [ni Jehovah] ang Kanyang mukha sa iyo, at [maging mapagbiyaya] sa iyo" ay ang biyaya ni Kristo bilang katabaan ng bahay ng Diyos—Bil. 6:25.

C. Ang "Ilingap nawa [ni Jehovah] ang Kanyang [pagmumukha] sa iyo at bigyan ka ng kapayapaan" ay ang pagsasalanuha ng Espiritu Santo bilang ilog ng mga kaluguran ng Diyos—b. 26.

**IV. Ang biyaya ng Panginoon ay ang Panginoon Mismo bilang buhay sa atin para sa ating katamasahan (Juan 1:17; 1 Cor. 15:10), ang pag-ibig ng Diyos ay ang Diyos Mismo (1 Juan 4:8, 16) bilang pinagmumulan ng biyaya ng Panginoon, at ang salamuha ng Espiritu ay ang Espiritu Mismo bilang paghahatid ng biyaya ng Panginoon kalakip ang pag-ibig ng Diyos para sa ating pakikilahok—2 Cor. 13:14:**

A. Ang biyaya ng Panginoon ay unang binanggit sa 2 Corinto 13:14 sapagkat ang aklat na ito ay ukol sa biyaya ni Kristo—1:12; 4:15; 6:1; 8:1, 9; 9:8, 14; 12:9.

B. Ang Espiritu Santo bilang sirkulasyon, paghahatid, ng biyaya ni Kristo kalakip ang pag-ibig ng Ama ay ang tustos sa ating buhay-Kristiyano at buhay-ekklesia:

1. Ang buong ekklesia ay nakasasalay sa 2 Corinto 13:14.
2. Ang pagdaloy ng Dibinong Trinidad sa loob natin gaya ng inihayag sa 2 Corinto 13:14 ay ang ating espiritwal na pulso.

C. Sa pagpapala ni apostol sa 2 Corinto 13:14, ang Tres-unong Diyos ay dumarating sa mga tao para sa kanilang katamasahan; hindi lamang dinala ni Pablo ang mga tao tungo sa presensiya ng Diyos bagkus gayundin dinala ang Diyos tungo sa kanila:

1. Sa isang panig, ang pagpalain ang iba ay ang dalhin sila tungo sa presensiya ng Diyos; sa kabilang panig, ito ay ang dalhin ang Diyos tungo sa kanila bilang pag-ibig, biyaya, at salamuha upang kanilang matamasa ang Tres-unong Diyos—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu.
2. Ang pag-ibig, biyaya, at salamuha ay tatlong yugto ng Diyos para sa ating katamasahan—ang pag-ibig ay nasa loob, ang biyaya ay pag-ibig na nahayag, at ang salamuha ay ang paghahatid ng biyaya tungo sa atin.
3. Ang pag-ibig ng Diyos ay ang pinagmumulan, yamang ang Diyos ang pinanggalingan; ang biyaya ng Panginoon ay ang kaparaanan ng pag-ibig ng Diyos, yamang ang Panginoon ang kahayagan ng Diyos; at ang salamuha ng Espiritu ay ang pamamahagi ng biyaya ng Panginoon kalakip ang pag-ibig ng Diyos para sa ating karanasan at katamasahan sa Tres-unong Diyos—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu, kalakip ang Kanilang mga dibinong kagalingan.
4. Ang dibinong pahayag ng Dibinong Trinidad sa banal na Salita ay hindi para sa teolohikal na pag-aaral kundi para sa pagtalastas kung paanong ang Diyos sa Kanyang mahiwaga at kagila-gilalas na Dibinong Trinidad ay ipinamamahagi ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan, upang tayo bilang Kanyang pinili at tinubos na bayan, gaya ng ipinahiwatig ng pagpapapala ng apostol sa mga mananampalataya sa Corinto, ay makalalahok, mararanasan, matatamasa, at maaangkin ang naprosesong Tres-unong Diyos ngayon at magpasawalang-hanggan; dapat nating tamasahin at mapagpala ng naproseso at panloob na dumadaloy na Tres-unong Diyos araw kada araw nang sa gayon ay maipamahagi natin Siya bilang namumukod-tanging pagpapala ng sansinukob tungo sa iba para sa pagsasakatuparan ng nais ng puso ng Diyos na magkaroon ng patotoo ni Hesus, ang sama-samang kahayagan ni Hesus—b. 14; Gal. 3:14; Gen. 12:2; Fil. 1:25; Apoc. 1:2, 9-12.

**V. Sa Bagong Herusalem ay may "isang ilog ng tubig ng buhay, na maningning gaya ng kristal, na lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero…At sa dako rito ng ilog, at sa ibayo nito, naroon ang [puno] ng buhay"—22:1-2a:**

A. Sa kawalang-hanggan ang mismong Diyos na nakaupo sa trono ay ang Kordero-Diyos, ang ating manunubos na Diyos, na mula sa tronong iyon ay lumalabas ang ilog ng tubig ng buhay kasama ang puno ng buhay para sa ating panustos at kasiyahan.

B. Ang Kordero bilang ilawan ay sisinag kasama ng Diyos bilang liwanag upang liwanagan ang lunsod ng kaluwalhatian ng Diyos, ang kahayagan ng dibinong liwanag—21:23; 22:5.

C. Ang Tres-unong Diyos—ang Diyos, ang Kordero, at ang Espiritu, na isinasagisag ng tubig ng buhay—ay ipinamamahagi ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang tinubos sa ilalim ng Kanyang pagkaulo (na ipinahiwatig sa awtoridad ng trono) magpasawalang-hanggan.

D. Ang lansangan ng Bagong Herusalem ay purong ginto (21:21), at ang ilog ng tubig ng buhay ay dumadaloy sa gitna ng lansangan nito (22:1); sapagkat ang ginto ay sumasagisag sa dibinong kalikasan ng Diyos, makikita natin na ang dibinong buhay ay dumadaloy sa dibinong kalikasan bilang natatanging daan para sa pang-araw-araw na buhay ng tinubos na bayan ng Diyos.

E. Bilang kasukdulan ng buong talâ ng Biblia, ang Bagong Herusalem ay ang mismong Diyos sa Kanyang Dibinong Trinidad—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu—ipinagkaisa, inihalo, at inilakip sa Kanyang pinili, tinubos, isinilang na muli, tinransporma, at niluwalhating bayan bilang

kanilang walang hanggang pagpapala; ang gayong pagpapala ay ang sukdulang kaganapan ng pagpapala ng Diyos sa Israel sa Mga Bilang 6—cf. Apoc. 21:3, 12, 14, 22; 22:1-2.

**VI. "Minsan kapag isinasaalang-alang natin ang ating sitwasyon, maaaring mabigo tayo at nadaramang wala tayong taglay na anuman. Maaaring tila sa atin ang lahat ng bagay sa ilalim ng araw at kahit ang lahat ng bagay sa espiritwal na larangan ay walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan. Maaaring nadarama natin na walang anumang totoo, kahit sa buhay-ekklesia. Ano ang dapat nating gawin kapag ganito ang nadarama natin? Dapat tayong bumaling sa Tres-unong Diyos. Siya ang ating tunay na pagpapala at bahagi. Anong pagpapala na mataglay Siya bilang ang pagpapala! Anong pagpapala na mataglay ang Kanyang mukha, ang Kanyang presensiya, at ang tamasahin Siya araw-araw bilang biyaya! Lalo tayong nagdurusa, lalo natin Siyang natatamasa bilang biyaya. Anong pagpapala na mataglay ang Kanyang pagmumukha na nakangiti sa atin, tinitiyak tayo, at kinukumpirma tayo! At anong pagpapala ang mataglay ang kapayapaan sa loob Niya, sa pamamagitan Niya, at kasama Niya! Ito ang Tres-unong Diyos bilang ating pagpapala. O, nawa ang biyaya ni Kristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang salamuha ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!"—*Life-study of Numbers,* p. 83.**

*© 2022 Living Stream Ministry*